ISSN: 2546-0536

# HANEP

*Basahin Mo Ito!*

Taon 3 • Blg. 12 Hulyo 30 - Agosto 5, 2018 • P10.00

**Mail Permit No. 2C-17-05-533**
Entered as 1st Class
Office of Entry: Bacoor City, Cavite

WANTED
TEACHER
Maliksi, Bacoor, Cavite
JUST CALL OR TEXT:
09171195117

## MAYOR NG NOVELETA, AYAW MAPUTIKAN MGA BATA SA ESKUWELA

pahina 2

## 9,140 ARBs BENEFIT FROM DAR CAPACITY BUILDING PROGRAMS

p. 4

## SUMMIT ON SUSTAINABLE FARM TOURISM AIMS TO MANAGE CLIMATE RISKS

p.5

## PH's Jelvis Arandela Calvelo nakisalo sa 4th place sa Rockville, Maryland International Chess

pahina 6

## TANZA TOWN PRIORITIZES AID FOR 13 HARDEST-HIT COASTAL BARANGAYS

p.9




## JANINE GUTIERREZ, MASAYA PARA SA INA

## MGA BAGONG PLAKANG IPINAMAMAHAGI NG LTO 4A, RFID-COMPLIANT NA

p. 11

ACCEPTING ADS, PLEASE CONTACT: 0977-7844136/ 0929-8127638

# MAYOR NG NOVELETA, AYAW MAPUTIKAN MGA BATA SA ESKUWELA

**MINABUTING isinuspinde ni Mayor Dino Reyes Chua, ng Noveleta, Cavite ang klase sa lahat ng antas ng paaralan, pribado o pampubliko man, nitong nakalipas na Martes, Hulyo 24.**

Kasunod nito ay kaagad na inatasan ng alkalde ang mga guro, mga punong-barangay, kapulisan, Bureau of Fire Protection, Mayor's Action Team, at Local Disaster Risk Reduction and Management Office (LDRRMO) na unahing linisin ang lahat ng eskuwelahan at ang kapaligiran.

Batid ng naturang Punong-Bayan ang grabeng dumi partikular ang putik na idinulot ng matinding pagbaha sanhi ng mga pag-uulan ng magkasunod na bagyo.

Hangad ni Mayor Chua na maging malinis at maaliwalas ang kapaligiran ng mga paaralan sa pagpasok ng mga bata.

Aniya, kaawa-awa ang mga mag-aaral kung sa pagpasok sa eskuwelahan ay marumi at maputik.

Hindi lang sa ayaw maputikan sa halip ay layunin din ng alkalde na matiyak ang kaligtasan ng mga estudyante.

Nabatid na ang Noveleta ay pinakalabis na nasalanta ng pagbaha sa mga bayan ng Cavite.

Sinusulat ito ay tuloy ang isinasagawang relief operations ni Mayor Chua at ang Pamahalaang Panlalawigan sa ilalim ni Gov. Jesus Crispin Remulla ay nagpaabot na rin ng suporta at tulong para sa nasabing bayan. **RS**



PINANGUNAHAN ni Chairman Richard Salud, ng Barangay San Antonio 1, Noveleta, Cavite ang paglilinis ng grabeng putik na iniwan ng malalim na pagbaha nitong nakaraang linggo. Matinding pinsala rin ang tinamo ng barangay hall matapos pasukin ng tubig-baha kabilang ang mga mahahalagang kagamitan sa loob nito. **RS**



NAPITIKAN ng HANEP lensman nitong nakaraang Lunes (Hulyo 23) ang kalunus-lunos na iniwang bakas dulot ng halos 6ft na pagbaha sa barangay hall ng Barangay San Antonio 2, Noveleta, Cavite at maging ang katabing kapilya.

## KALIBRE

ROMY SANTOS
0977-7844136



# Pagpapatawad, 'di kabawasan sa pagkatao

LAST Sunday (July 22) mga pasado ala una ng madaling-araw ay isang pangyayari ang naganap sa Kalayaan na medyo malapit sa gilid ng McDo sa kanto ng Centennial Road, sa Kawit, Cavite.

Sa nasabing lugar ay may 'carinderia con inuman' at napagpasyahan namin ng kasama ko na isa ring reporter na si Rudy Bonifacio na magtwo bottles muna kami.

Ipinarada ko sa tapat ng karinderya ang aking single motorcycle at wala pa yatang isang minuto sa aming pagkakaupo nang biglang may kumalabog.

Tanaw ko ang aking motorsiklo na binangga ng isang motorsiklo kaya kaagad kaming tumayo ni Rudy.

Bagsak ang motor ko subalit sa halip na unahin iyong itindig ay sinaklolohan namin ni Rudy ang magkaangakas na nakabangga sa aking motorsiklo.

Tawagin natin bilang sina Boy at Ben ang magkaangakas na iyon na kapwa lasing o nakainom ng alak.

Si Boy ang nagmamaneho habang ang may-ari ng motor na si Ben ang siyang angkas.

May kasama sina Boy at Ben na magkaangkas din sa isa pang motor subalit umalis na ang nagmamaneho at naiwan ang angkas nito na pangalanan naman natin bilang si Alex na nasa impluwensiya rin ng alak.

Ibig sabihin ay tatlo sila na nakaharap namin ni Rudy na dahil mga lasing ay lintek ang kayabangan sa mga katawan lalo na sina Alex at Boy.

Nagkataon na may mobile sa lugar kaya umasiste ang isang pulis na kalaunan ay tumawag ng kanyang backup o kasamahan.

Nagtangka pa sanang tumakas ni Boy subalit nakuha ang susi ng motor sa kanya ng pulis.

Nagsalita pa si Boy na 'peperahan' ko lang daw siya mula sa damage niya sa aking motor.

Si Alex naman ay panay ang akbay at halos yumakap pa sa akin kasabay ng sabi na ano man ang danyos sa motor ko ay sasagutin nila.

May binabanggit pa silang pangalan ng isang retiradong pulis na ipinagmamalaki nila.

Maging ang pulis ay kinukulit ni Alex na animo'y pilit kinukuha ang motor.

Sa tatlo ay medyo maayos makipag-usap si Ben na halos nagmamakaawa.

Nang dumating ang iba pang pulis ay nagtagal pa bago sumakay ng patrol van at sumama ang tatlo.

Ang tanging pakay ng mga pulis ay maidala muna sila sa pagamutan upang malapatan ng lunas ang kanilang mga sugat lalo na sina Boy at Ben na medyo malayu-layo rin ang pagkakasemplang.

Nagtagal dahil na rin sa sobrang kakulitan ni Alex na may pagbabanta pa sa isang pulis.

Naghintay kami ni Rudy sa Kawit Municipal Police Station habang nasa Kalayaan Hospital pa ang tatlo at ilang pulis.

Nakakabilib nga ang approach ng kapulisan ng Kawit lalo at mas inuna nilang intindihin ang kalagayan ng mga sugatan.

Sa totoo lang habang naghihintay kami ni Rudy ay nakapagpasya na ako na magkakaso o magrereklamo laban sa tatlo.

Walang lisensiya si Boy, kapwa hindi sila nakasuot ng helmet ni Ben at parehong nakainom ng alak habang si Alex ay 'minata' o minaliit lamang ang aking propesyon bilang isang mamamahayag.

Pagdating galing ospital ay umihip ang hangin palibhasa ay bumababa o nawawala na ang 'tama' ng alak sa kanila.

Katakut-takot na paghingi ng paumanhin ang ginawa nila kaya medyo nagbago ang aking pasya na sila ay kasuhan pa.

Maya-maya ay dumating ang kapatid ni Ben na tawagin naman natin bilang si Hambog.

Pagkababa pa lamang ni Hambog sa kanyang sasakyan ay batid na namin ni Rudy na may kayabangan ito.

Nakipag-usap sa amin ni Rudy na tinatanong ang damage ng aking motor at pagkatapos ay tiningnan ang aking motor.

Ang sagot ko ay madilim kaya hindi ko alam kung ano talaga ang mga nasira maliban lamang sa side mirror at ang dura box na halos kabibili ko pa lamang.

Sabi ko ay ipapatingin ko muna sa aking regular na mekaniko at baka may ilang parts na pang-ilalim na naapektuhan dahil sa lakas ng pagkakabangga.

Sukat ba naman isagot ni Hambog na baka raw pati makina ay isama ko sa danyos at maging ang pagpapa-change oil.

Kasabay ng sabi pa ni Hambog na kahit sampung dura box daw ay kaya niyang palitan.

Saksakan ng yabang ni Hambog kaya tila nagbabago na naman ang isip ko.

Sabi ko kay Hambog, kaya kong ipaayos ang aking motor na walang danyos o pera na kukunin sa kanila.

Magsasampa na lang kako ako ng reklamo kaya natahimik si Hambog, na boss o amo ni Boy bilang tagapagluto o cook.

Bigla namang dumating ang magulang ng magkapatid na Hambog at Ben.

Nakipag-usap sa akin ang ina nina Hambog at Ben kaya muli na namang nagbago ang pasya ko. Ikinuwento ko sa kanilang ina ang buong pangyayari at aking ipinakita ang mga pictures at video.

Dumating din ang ilang kaanak nina Boy at Alex na masasabing kapwa nasa estadong maralita maliban sa pamilya nina Hambog at Ben na may kaya o mayaman dahil dalawang sasakyan pa ang kanilang ginamit papuntang presinto.

Kinakausap ni Boy ang amo niyang si Hambog na kaltasin na lamang sa kanyang suweldo kung ano man ang bayarin.

Sa pagtatapos ng paghaharap-harap ay kahit 'singkong duling' ay wala akong hiningi o kinuha sa kanila kahit pa pilit akong binibigyan ng pera ng ina nina Hambog at Ben.

Wala rin akong hinginging kapalit na bagay o gamit na nadanyos sa aking motor gaya ng side mirror at dura box. Kung tutuusin pati LED light ko ay nasira.

Nakauwi sila ng maluwalhati at pati ang motorsiklo na bumangga sa aking motor ay naiuwi na rin nila.

Minabuti kong hindi na banggitin ang kanilang mga pagkakakilanlan dahil maayos naman ang aking ginawang pagpirma sa blotter o kasulatan.

Sa kabila ng aking naranasang kayabangan sa kamay o katauhan nila ay umiral pa rin ang pagpapakumbaba at pagpapatawad ko kahit pa na ako ay nasa tama.

Para sa akin ay hindi naman nakakababa ng pagkatao ang pagpapatawad.

Bawat isa sa atin ay mayroong katapat, ingat-ingat lamang sa pagyayabang.

'Buti na lamang at good boy na ako at low profile na, hehehe.



KAKAMPI MO ANG BATAS

Atty. Batas Mauricio

# Mga dahilan bakit pinalitan ni GMA si Alvarez

**INSPIRASYON SA BUHAY:** "… Mapapalad ang tao na kay Yahweh ay gumagalang, at taos-pusong sumusunod sa kanyang kautusan. Ang kanyang lipi'y magiging dakila, pati mga angkan ay may pagpapala. Magiging sagana sa kanyang tahanan, pagpapala niya'y walang katapusan…" (Awit 112:1-3, Bibliya).

-ooo-

**MGA DAHILAN BAKIT PINALITAN NI GMA SI ALVAREZ**: Sa maraming nagtatanong kung ano ang nangyari at ngayon ay Speaker of the House of Representatives na ang dating Pangulo at kasalukuyan ding Pampanga Rep. Gloria Arroyo, maraming dahilan ang pupuwede nating ituro sa mga kaganapang ito.

Una, maliwanag na di nagampanan ni Davao Del Norte Rep. at dating Speaker Pantaleon Alvarez ang kanyang mga tungkulin sa kanyng mga kapwa kongresista. Sa katunayan, sa kanyang pagpapatakbo sa Kamara de Representantes, maraming mga mambabatas ang nagalit sa kanya.

Sa totoo lang, isa si Gloria sa mga maituturing na naging mainit na kalaban ni Alvarez matapos tanggalin ni Alvarez si Gloria bilang deputy speaker, dahil di pumabor si Gloria sa isyu ng death penalty bill. Naging kalaban din ni Alvarez ang maraming mga kongresista matapos niyang hindi bigyan ang mga ito ng pondo para sa mga pagawaing-bayan dahil hindi sila kumampi sa maraming isyu sa pamahalaan.

-ooo-

**MARAMI ANG GALIT KAY ALVAREZ:** Ganundin, galit kay Alvarez ang kanyang mga kapartido sa PDP Laban,ang partidong naglunsad ng kandidatura ng Pangulong Duterte ng 2016. Inulan si Alvarez ng batikos, at nadeklara pa ngang "persona non grata" ng kanyang mga kapartido matapos na tanggapin niya ang ilang mga personalidad sa partido bagamat di dumaan sa tamang screening.

Naging katunggali din ni Alvarez ang Court of Appeals, na kanyang binantaan lulusawin o di kaya ay i-a-abolish, dahil kontra siya sa mga pagpapasya ng nasabing hukuman sa maraming kaso, partikular sa isyu ng "Ilocos 6", o yung mga ipinakukulong ng Kamara dahil sa diumano ay korapsiyon sa Ilocos Norte, sa ilalim ni Gov. Imee Marcos.

Pagkatapos, itinuring ng mga kasama niya sa Kamara na estilong "hari" ang kanyang naging pamamalakad bilang Speaker. Sabi nga ni House Deputy Speaker Fredenil Castro sa isang panayam, ni hindi nagsumikap si Alvarez na alamin man lamang ang kalagayan ng kanyang mga kasamang mambabatas sa buong panahon siya ang kanilang lider.

-ooo-

**ANO ANG AASAHAN NG RP KAY SPEAKER GMA?** Sa kabilang dako, ayon din kay Deputy Speaker Castro, kinakitaan naman ng mahusay na pakikipag-ugnayan si Arroyo sa kanyang mga kapwa kongresista. Naging magiliw si Arroyo hindi lamang sa mga mambabatas kundi pati na sa kanilang mga empleyado o staff members. Sa madaling salita, malaki ang naging kaibahan ni Arroyo at ni Alvarez, bagamat si Alvarez ay dating Transportaion Secretary ni Arroyo.

Ano ngayon ang aasahan ng sambayanan sa isang "Speaker Gloria Arroyo"? Ngayon pa lamang, nakikita na nating mabigat ang mga pagtutol sa kanyang pagkakaluklok bilang pinuno ng Kamara. Kabikabila na ang mga bumabatikos sa kanya, partikular si Sen. Grace Poe, na binubuhay na muli ang mga alegasyon ng korapsiyon laban kay Gloria.

Kung maaalala natin, matindi din ang mga batikos kay Arroyo noong nakaupo pa siya sa Malacanang. Pero, ipinagkibitbalikat lamang niya ang lahat, at tinapos niya ang kanyang termino. Ganundin ang mangyayari sa ngayong Speaker na siya. Balewalain lamang din niya ang mga pagtutol at batikos sa kanya at ipagpapatuloy niya ang pagiging pinuno ng Kamara.

-ooo-

**LAYUNIN NI ARROYO BAKIT NAGNAIS SIYANG MAGING SPEAKER:** Ano ang layunin ni Arroyo at ng kanyang mga kaalyado sa pagluluklok sa kanya bilang Speaker? Marami ang nagsasabi na gagamitin niya ang nasabing posisyon upang makabalik sa Malacanang. Sa aking tingin, ang bagong posisyong ito ni Arroyo ay ibinigay sa kanya ng Diyos bilang isa pang pagkakataon upang makapagsilbi sa sambayanang Pilipino sa tamang paraan, ng walang bahid korapsiyon o katiwalian, gaya ng mga ibinabato sa kanya ngayon.

SALUYOT

FLORENDO CACACTIN



# Hindi na pamamarisan

IBANG klase na talaga ang mga kabataan natin sa ngayon pagdating sa larangan ng pambabastos.

Akalain mo ba naman na apat na menor de edad ang nag-dirty finger sa harap ng rebulto ni Jose Rizal sa public plaza ng Balete, Kalibo, Aklan.

Ang binastos ay ang ating Pambansang Bayani na nagsabi nga noon na 'Ang Kabataan ang Pag-asa ng Bayan.'

Bistado ang ginawang naturang pambabastos dahil ang isa sa apat na kabataang ito ay ginawa pang profile picture ang kanilang litrato sa social media.

Hayun at umulan ng mga pambabatikos mula sa netizen bago pa man ganap na mabura o matanggal sa social media ang nasabing profile picture post.

Sino nga ba naman ang matutuwa na ang isang Dr. Jose Rizal ay babastusin lamang nang ganoon.

Ipinapakita at pinatutunayan lamang dito ng apat na kabataan ang kawalan ng respeto sa bayani at ang pagmamahal sa bayan.

Ano nga kaya ang pumasok sa kokote ng apat na tinedyer na ito sa kanilang ginawang iyon?

Bakit nila naisipang mag-dirty finger sa harapan ng rebulto ni Dr. Rizal?

Siguro bahagi ng pagkakatuwaan na ang pakay ay para magpasikat dahil inilagay nga sa social media ito.

Kahit alam nila na mali o hindi maganda ang kanilang ginawa ay itinuloy pa rin nila.

Ang apat ay inimbestigahan ng Women and Children Protection Desk ng Balete Police Station pero ang pagpapagawad ng disiplina ay ipinaubaya sa mga Guidance Office ng kani-kanilang paaralan.

Tama lang ang suhestiyon ng pulisya na isailalim sa community service ang apat na kabataan.

Ang naturang parusa ay makakasapat na kaya upang upang maturuan sila ng leksyon.

Dapat ay magtanda sila at maging babala ito hindi lamang sa mga menor de edad kundi para sa lahat.

Kung kayo po ang tatanungin, ano ba ang nararapat na kaparusan o disciplinary action para sa apat na kabataang ito?

Iyon bang hindi na sila pamamarisan o hindi na mauulit ang ganitong pangyayari.

EDITORYAL

# Kaligtasan ng sambayanan

**ISA sa mga nabanggit ni Pangulong Rodrigo Duterte sa kanyang katatapos na State of the Nation Address (SONA) ay ang pagtatatag ng Department of Disaster Management (DDM).**

**Pabor naman ito para kay National Disaster Risk Reduction Management Council (NDRRMC) executive director at Office of Civil Defense (OCD) Administrator Ricardo Jalad.**

**Ang lilikhaing DDM ay dadaan sa Kongreso bago ito maging isang ganap na batas.**

**Sa sandaling mabuo ang DDM ay posibleng higit na mabilis na ang pagresponde sa mga natural na kalamidad.**

**Noon pang 2015 sinimulan ang pagsulong nito subalit naantala at sa ngayon ay muling nabuhay.**

**Kung ano ang maganda at nararapat ay marahil na dapat lamang ipatupad lalo at buhay o kaligtasan ng sambayanan ang nakasalalay.**

ADVERTISING RATES

**COMMERCIAL** --------- P200/col.cm
**LEGAL/NOTICES** ----- P160/col.cm

HANEP
Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/Editor-in-Chief*

**JUNE BILLONES**
*Managing Editor*

**JOJO DEMETILLA**
*Advertising Manager*

**MARLON BAGUS**
*Associate Editor*

**ATTY. MELANIO 'BATAS" MAURICIO**
*Legal Counsel*

Ang 'HANEP Basahin mo Ito' ay inilalathala tuwing Lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa 049 San Antonio 1, Noveleta, Cavite
Contact Nos. 0915-1328753/ 0999-3050106
Email: **roneje d@yahoo.com/ HanepPublication@yahoo.com**

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

***Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.***
papi

# 9,140 ARBs BENEFIT FROM DAR CAPACITY BUILDING PROGRAMS

**TAGAYTAY CITY - Some 9,140 agrarian reform beneficiaries (ARBs) in Zamboanga Peninsula have started putting to good use the capacity building programs the Department of Agrarian Reform (DAR) has extended to them.**

This was reported by DAR Regional Director Julita Ragandang during the department's on-going 2018 mid-year performance review and planning session in Tagaytay City.

Ragandang said under the Agrarian Reform Beneficiaries Development Sustainability Program (ARBDSP), farmer-members belonging to 172 agrarian reform beneficiary organizations (ARBOs) were trained on micro financing, business development, credit management, product enhancement and basic cooperative management training, just to name a few.

"These training are all geared towards empowering farmers. We are shaping them to become farmer-entrepreneurs who are competitive and can understand the business they venturing into. We want them to be able to understand and negotiate business on their own," Ragandang said.

DAR-Public Assistance and Media Relations Service (PAMRS) Director Resty Osias said the agrarian reform department's performance review and planning session is being conducted from July 24-27, to resolve and address problems in implementing agrarian reform for the year. ***(PR)***

# Police seize shabu in stuffed toy

**BACOOR CITY, Cavite** — Police arrested a "street-level" drug peddler and two minors and seized 47 sachets of "shabu" placed inside a stuffed toy in a buy-bust operation at the Zapote Public Market here on Wednesday.

Police Supt. Vicente Cabatingan, city chief of police, said drug enforcement operatives arrested Josephine Nagal Lazarte, 36, and vendors alias "Jalil", 16, and alias "Jalal", 17.

Operatives seized from the suspects some 47 heat-sealed transparent plastic sachets of "shabu" weighing approximately 42.3 grams with an estimated worth of PHP287,640 and two PHP1,000 bills marked money.

Cabatingan said the illegal drugs were placed inside an orange-colored stuffed toy to avoid detection by authorities.

The suspects were brought to the city police headquarters for investigation and drug testing. ***(Dennis Abrina/ PNA)***



**CONTINUOUS ASSISTANCE TO THE LESS FORTUNATE CAVITEÑOS:** In its effort to provide assistance to the less fortunate Caviteños, the Provincial Government of Cavite led by Governor Boying Remulla thru the Provincial Social Welfare and Development Office headed by Ms. Fely Servañez once again distributed a total of P11,574,800.00 to 2,510 beneficiaries of medical and burial assistance on July 24, 2018 at the Provincial Capitol Grounds in Trece Martires City. The beneficiaries of the financial assistance who came from different cities and municipalities of the province were very grateful to the governor for the timely assistance extended to them. —**(PICAD)**



**RELIEF DISTRIBUTION FOR CAVITE CONSTITUENTS:** Committed to show compassion and respond on the immediate needs of his constituents, Governor Boying Remulla sympathetically checked the welfare of the Caviteños affected by heavy rains which caused widespread flooding in lowland areas and damaged the properties of the citizens. On July 24, 2018 the governor, together with his brother Governor Jonvic Remulla and other local officials have distributed rice and canned sardines to 6,000 recipients from the City of Bacoor, 3,000 locals from the City of Imus, 5,000 citizens from the municipality of Kawit , 3,000 residents from Noveleta and 6,000 constituents in Cavite City. Recently, the governor immediately requested the Sangguniang Panlalawigan to declare the entire province of Cavite under state of calamity due to the impact of southwest monsoon rains, enhanced by tropical depression Henry, Inday and Jose to authorize the release of 10 million out of the province's calamity fund for the benefit of those affected by the Habagat. —**(PICAD)**

## EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF MARITES A. MANILA

KNOW ALL MEN BY THESE PRESENTS:

This EXTRAJUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE is made and entered into by and among:

Hitler Abundo Manila, Filipino, of legal age, married to the late MARITES A. MANILA, with residence and postal address at Block 1 Lot 4 Krause Park Subdivision, Barangay Molino 1, City of Bacoor, Cavite;

Himmler Michael Avila Manila, Filipino, of legal age, single with residence and postal address at Block 1 Lot 4 Krause Park Subdivision, Barangay Molino 1, City of Bacoor, Cavite;

Hazel Avila Manila, Filipino, of legal age, single with residence and postal address at Block 1 Lot 4 Krause Park Subdivision, Baragay Molino 1, City of Bacoor, Cavite;

Hess Avila Manila, Filipino, of legal age, single with residence and postal address at Block 1 Lot 4 Krause Park Subdivision, Barangay Molino 1, City of Bacoor, Cavite;

WITNESSETH:

WHEREAS, the above-named parties are the surviving heirs being the widower and children of the late MARITES AVILA MANILA who died on March 4, 2013 in Bacoor, Cavite. Attached herewith is the copy of the Death Certificate and made an integral part of this instrument;

WHEREAS, there are no known debts or obligations due against the estate of said decedent;

WHEREAS, the said deceased died INTESTATE and left a property located at Block 1 Lot 4 Krause Park Subdivision, Barangay Molino 1, City of Bacoor, Cavite containing an area of ONE HUNDRED SIX square meters (106)square meters covered by Transfer Certificate of Title No. T-645699 more particularly described as;

### Title T- 645699

A parcel of land ( Lot 4 Blk. 1 of the subd. Plan PSD-04-077811, being a portion of lot 4620, Imus Estate LRC Rec. No. ), sit. In the Brgy. of Molino, Mun. of Bacoor, Proovince of Cavite, Is. Of Luzon. Bounded on the W., along line1-2 by lot 5 Blk. 1 of the subd. Plan. On the N., along lines 2-3-4-5 by road 1; on the E., along line 5-6 by Lot 3 Blk. 1 of the subd plan; and on the S., Along line 6-7-1 by lots 4618 & 4619, Imus Estate. Beginning at a pt. marked "1" on plan being N. 55 deg. 52'W., 1040.61 m. fr. Mon. No. 178, Imus Estate; thence N. 16 deg. 10'W 13.40m. to pt. 2; thence N. 81 deg 01'E., 1.80m. to pt. 3; thence N. 82 deg. 57'E., 5.28 m. to pt. 4; thence N.89 deg. 51'E., 2.39m. to pt. 5; thence S. 07 deg. 13'E., 11.7lm. to pt. 6; thence S. 82 deg. 57'W., 1.00m. to pt. 7; thence S. 71 deg. 30'W., 6.50m. to the pt. of beginning, containing an area of ONE HUNDRED SIX (106) sq. meters. All pts. Referred to are indicated on plan & are marked on the ground by PS cyl. Conc. mons 15 x 60 cm., bearings true date of orig. Survey July 27, 1905-June 11, 1908 & that of the subd. Survey Dec. 2 to 10, 1994 & was approved on august 17, 1995.

WHEREAS, there are no known debts or obligations due against the estate of said decedent;

WHEREAS, it is to the very best interest of the parties hereto to adjudicate and settle unto themselves the entire estate of MARITES AVILA MANILA extrajudicially in the form and manner hereinafter to wit;

a. Widower, Hitler Abundo Manila shall received his FIFTY (50 %) percent or ½ share and one fourth 1/4 share as heir in the conjugal property of the aforecited real property.

b. Himmler Michael Avila Manila, Hazel Avila Manila and Hess Avila Manila shall received one fourth (1/4) share as heir +of the aforecited real property.

NOW THEREFORE, for and in consideration of the premises, and invoking the provisions of Rule 74, Section 1, of the Rules of Court, the parties hereto do by these presents agree to divide and partition the entire estate above described, adjudicating, as they do hereby adjudicate, however, to the liabilities imposed by Rule 74, Section 4, of the Revised Rules of Court, in favor of any other possible heirs, creditors, and other persons who might be deprived of their lawful participation in the estate of the decedent, for a period of two years; and
That in the event that any other property of the decedent should later be found which is not included hereinabove, the parties hereto further agree to distribute, divide, and adjudicate, as they do hereby distribute, divide and adjudicate, the same in like manner and proportion as herein established and disposed.

IN WITNESS WHEREOF, the parties hereto have hereunto set their hands this _____________ at City of Bacoor, Cavite.

HITLER A. MANILA
Widower/heir

HIMMLER MICHAEL A. MANILA
Heir

HAZEL A. MANILA
Heir

HESS A. MANILA
Heir

WITNESSES

_________________ _________________

ACKNOWLEDGMENT

Republic of the Philippines )
City of Bacoor, Cavite ) S. S

BEFORE ME, a Notary Public for and in City of Bacoor Cavite, personally appeared:

| NAME | ID No. | DATE/PLACE OF ISSUE |
|---|---|---|
| HITLER A. MANILA | No4-88-080026 | May 17, 2018/Driver's License- |
| IMMLER MICHAEL A. MANILA | P1302325A | Dec. 19, 2016/Passport |
| HAZEL A. MANILA | N26-13-021850 | Dec. 10, 2015/Driver's License- |
| HESS A. MANILA | No.201800478 | St. Dominic College Of Asia |

Known to me to and to me known to be the same person's who executed the foregoing documents and acknowledge to me that same is their free and voluntary act and deed. This document refers to an Extra Judicial Settlement of Estate of Marites Avila, consisting of 2 (two) pages, including this page wherein this acknowledgement is written, signed by the parties and their witnesses at the bottom of the document on page 1 and at the left-hand margin of page 1 and 2.

IN WITNESS WHEREOF, I have hereunto set my hand and affixed my notarial seal this July 25, 2018 at _____________, Philippines.

Doc No: 176
Page No: 36
Book No: 21
Series of: 2018

HANEP July 30, August 6 and 13, 2018

# SUMMIT ON SUSTAINABLE FARM TOURISM AIMS TO MANAGE CLIMATE RISKS

**Tagaytay City, Cavite (PIA) – The Department of Tourism (DOT) in coordination with the International School of Sustainable Tourism (ISST), and Southeast Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture (SEARCA) comducted the first-ever Global Farm Tourism (GFT) Summit last July 17, 2018 at Summit Ridge Hotel.**

The said summit aptly themed "Managing Climate Risks through Sustainable Farm Tourism" aims to improve developed plans and practices to cope with climate change.

The summit is a three-day conference which is expected to further reiterate the directions of Republic Act 10816 or the Farm Tourism Development Act of 2016, said Tourism Secretary Bernadette Romulo-Puyat.

In addition to the above, there are six topics that highlight farming-tourism fusion, climate-resilient farming, women empowerment in farm tourism and millennial farming which are also expected to be discussed namely: Sustainable Practices and Opportunities in Farm Tourism; Climate Smart Farm Tourism; Don't Panic, Simply Organic; I Came. I Saw. I Stayed. Unique Farm Stay Experience; Empowering Local Government Units for Farm Tourism; Farm Tourism Country Models.

ISST President Dr. Mina Gabor explained that "A lot of the millennials are actually running the farm tourism now. They're marrying the technology and all the knowledge in Internet and digital marketing to push their farms, it's exciting" with regard the enthusiasm and innovativeness of millennials in using digital technology in their farming techniques.

SEARCA Director Dr. Gil C. Saguiguit, Jr., is equally optimistic adding, "Farm tourism opens up possibilities for diversification of income for small-scale farmers while promoting good farming practices, sustainable agriculture systems, and community involvement."

Participants expected to attend the summit are officers of local government units, farm owners and farmers, and international delegates from Vietnam, Thailand and New Zealand who had signified confirmation of their attendance. ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite/with reports from Joyce Anna Rocamora)***



**SERVING THE PUBLIC THRU MEDICAL AND DENTAL MISSION:** Provincial Government of Cavite under the leadership of Governor Boying C. Remulla sponsored another medical and dental mission for the people of Cavite City on July 20, 2018 at Brgy.24. The mission team headed by the OPG-Extension Office and the Provincial Health Office in partnership with the Philippine Coast Guard Auxilliary ,15th Strike Wing-Philippine Air Force and City Health Office rendered free medical consultation, dental check-up and tooth extraction to some 492 beneficiaries. Patients were also provided prescription medicines. —**(PICAD)**




**SUPPORTING MEDICAL MISSION, PROVIDING BASIC HEALTH NEEDS:** Almost 600 residents of Southern City Subdivision in Barangay Tanzang Luma IV in the City of Imus were grateful to the provincial government of Cavite for providing their basic healthcare needs through the medical and dental mission held at their community on July 23, 2018. As partner community, the local barangay officials headed by Captain Milaner Amoroso thanked Governor Boying Remulla, all the volunteers and sponsors for supporting their undertakings to effectively implement public health programs. On the other hand, Barangay Councilor Jhun Cinto, who requested for the outreach event, along with other barangay workers gave the much needed assistance of doctors and dentists from the provincial and city health office during the conduct of the mission. —**(PICAD)**

# Harangan sa videoke machine, obrero dedo

PATAY ang isang 23-anyos na lalaki nang pagtulungang bugbugin at pukpukin ng bato ng grupo ng kalalakihan na kasabay nilang nakainum at nakaalitan sa loob ng isang videoke bar matapos na harangan ang videoke machine habang kumakanta ang kasamahan sa Bacoor City, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Las Pinas General Hospital ang biktimang si Jessie Muñoz, binata, construction worker, at ng Perales Compound, Progressive 12, Brgy. Molino 3, Bacoor City sanhi ng bugbog at tama ng bato sa ulo.

Naaresto naman ang dalawa sa 5 suspek na sina Noel Magsayo, alias Noel, 20, barker ng Barurot Barurot Compound, Brgy. Queensrow B; at Mark Capones , alias Mark, 20, ng Villa Esperanza, Brgy. Molino 2, habang pinaghahanap naman ang tatlo pa nilang kasamahan na tumakas matapos ang insidente.

Sa report ni SPO1 Ferdinand Cruz ng Bacoor City Police Station, dakong alas-4:45 ng madaling araw nang naganap ang insidente sa labas ng GIGZ Videoke Bar sa Brgy. Molino 3 kung saan inabangan ng mga suspek ang mga biktima.

Nauna rito, nag-iinuman ang mga biktima kasama sina Jomarie Munoz, Noriel Candelario at isang alias Bajo at mga suspek na sina Maqgsayo, Capones , Jomark Estolano. alias Baluntoy, alias Cyrus, at alias Domingo sa magkahiwalay na lamesa at habang kumakanta si alias Bajo nang harangan ni alias Cyrus ang videoke machine habang sumasayaw ito.

Ikinagalit ng grupo ng biktima ang pangyayari kaya nagkaroon ng mainitang pagtatalo pero naayos din ito matapos na may namagitan.

Dahil sa pangyayari, umuwi na lamang sina Candelario at Munoz habang nagpatuloy sa pag-iinuman ang biktima at si alias Bajo.

Makaraan ang ilang oras ay nagdesisyon din umuwi ang biktima subalit ligid sa kanilang kaalaman ay inabangan sila ng mga suspek na naunang lumabas.

Paglabas ng mga biktima ay pinalibutan sila ng mga suspek subalit nakatakbo si alias Bajo at humingi ng tulong sa bahay nina Munoz.

Pinagtulungan bugbugin ng mga suspek ang biktima kung saan tinusok ng payong ni Magsayo sa mukha habang si Capones ay pinukpok naman ng bato sa mukha ng biktima habang pinagtulungang bugbugin nina Baluntoy, Cyrus at Domingo.

Huli na nang dumating ang kapatid ng biktima na siyang nagdala kay Jessie sa ospital subalit idineklarang dead on arrival. **GENE ADSUARA**




# VERGEL CALIWLIW RACE HORSE CALLER

DATING announcer ng mga basketball tournament si Vergel katulad ng kanyang ina-idol na si Mr. Ira Herrera na parehas silang nagsimula bilang basketball announcer.

Isang araw ay nagulat si Vergel ng tawagan siya ni Mr. Herrera at tinanong siya kung kaya niyang ng tumawag ng karera. Sa lumang karerahan ng Santa Ana siya nagsimula.

Hindi siya nagdalawang isip at tinanggap niya ang alok sa kanya. Noong panahon na yun ay nangangailangan na announcer ang Santa Ana Park kapalit ni Mr. Ernie Enriquez na maysakit at hindi na puwede ito kayang mag-Announcer o tumawag ng karera.

Ang kaunaunahan niya tawag sa karera ay ang Barrier race. Dito ay sinubukan siya kung talagang kaya niyang tumawag ng aktuwal na karera.

Hindi niya na itawag ng maayos ang una niyang tawag ng karera dahil sa matinding kaba.Hindi niya mahawakan ng maayos ang hawak niya largabista dahil nanginginig ang kanyang mga kamay.

Mabuti daw at tinulungan siya ni Mr. Allan Aglipay na kasalukuyang Chief Handicapper nung panahon yon. Pinag-announce siya uli at naituwid na niya ng maayos ang pangalawang pagtawag.

Kasabay niyang nag-apply sa sina Romy Cheng at Chris Ora at pagpipilian sa kanilang tatlo kung sino sa kanila puwedeng announcer.

Siya at si Romy Cheng ang pinalad makuha at Febrero 8,2008 ng sila ay maregular bilang race horse announcer. Ang kabayong Princess Camille ang unang kabayo nanalo sa pagtawag.

Saludo siya sa mga seniors na sina Mr. Carding de Suniga ang living legend. Kay Mr. Herrera simula pa noon at hanggang ngayon ay nagpapasalamat na naging idolo niya sa karera kaya hanggang ngayon nasa karera pa rin siya at announcer.

Laking pasasalamat din niya kay Mr. Peter Morrison na nagdagdag ng kanilang kaalaman sa pagtawag ng karera na sa tulong ni Mr. Hermie Esguerra na nagbibigay ng salary kay Mr. Morrison para maimprove ang skills nila sa pagtawag ng karera.

Si Vergel Caliwliw ay nanalong bilang isang Kagawad sa Barangay 875 Zone 96 Santa Ana, Maynila at ang kanyang Barangay Chairman ay si Ginoong Eng. Angelito Bensan.

**OOO**

**BELATED HAPPY BIRTHDAY TO MR. MARIO MORALES** kapatid ni Atty. Narciso "Ciso" Morales na number horse owner ngayon.

# PH's Jelvis Arandela Calvelo nakisalo sa 4th place sa Rockville,Maryland International Chess

**NAKISALO SI Filipino Jelvis Arandela Calvelo sa 4th hanggang 8th places sa katatapos na 8th annual Potomac International chess tournament na ginanap sa Hilton Washington DC/Rockville Hotel and Executive Meeting Center sa Rockville,Maryland, United States.**

Ang 38 years-old Toronto, Canada based Calvelo, na ang trabaho ay Aircraft Winder and technician sa Canada International Aviation Inc., ay nakasama sina Patrick Mc Cartney, Darrin Berkley, Stephen Eric Jablon at Konstantin Molodtsov sa 3.5 points sa Under 2100 section.

Subalit ng ipinatupad ang tie break points nakamit ni Mc Cartney ang 4th, Calvelo 5th, Berkley 6th, Jablon 7th at Molodtsov pang 8th place.

Labis na ipinagmamalaki si Calvelo ng kanyang mga kababayan sa Gumaca, Quezon sa nakamit nitong fifth at last round matches kay Edmund Chong.

Sa katunayan may pag-asa sana si Calvelo na makopo ang titulo subalit nakalasap ng heart-breaking loses kay eventual champion Tejas Rama sa fourth at penultimate round.

Nakopo ni Rama ang korona ng 38 player's field event na may undefeated record 4.5 points sa five outings.

Tumabla naman si Dennis kay Rama sa final canto ay 2nd over-all na may 4 points, iskor na naitala din ni 3rd placer Michael Kats.

Nitong Hunyo 14, 2018, si Calvelo ang naghari sa Albert Martinez June 2018 Quads na ginanap sa Kenmore, New York. Nakapagkamada si Calvelo ng 2.5 points sa three outings na iskor din na naitala ni Joey Orozco subalit nakopo ng una ang titulo sa bisa ng superior quotient.

Sa katunayan si Calvelo din ang nag clear first place sa April 2018 Quick event na ginanap sa Kenmore, New York. Naitarak ni Calvelo ang perfect 4 points, half point ahead kay solo second place Orozco na may 3.5 points.

Kamakailan lang ang dating coach na si Calvelo chess coach sa DLSU, PCU at Emilio Aguinaldo College, Dasmarinas branch sa Cavite na pinatunayan ang kanyang position bilang isa sa Philippines' top non-master players mataps magkampeon sa Melaka Chess Open sa Kuala Lumpur, Malaysia noong 2014. **(Marlon Bernardino)**

HANEP SPORTS

EDITOR: Mary Austine V. Nillama

Email add: hanepsports 2017@gmail.com



**SI SBP President Al Panlilio** sa kanyang paghahayag sa naging desisyong ng FIBA Disiplinary Panels para sa pag suspende sa sampung manlalaro ng Gilas Pilipinas at 2 coach nito kaugnay ng naganap na rambulan sa pagitan ng Philippine Team at ng Australia Team kamakakailan sa Philippine Arena kasama sa larawan ang ibang opisyal na sina Atty, Edgardo Francisco Legal Council SPB, Sonny Barrios SBP Executive Director at Butch Antonio Team Manager Gilas Pilipinas ng ganapin ang pagpupulong sa PLDT Makati. **(RGN)**

# Philippine Team Atras na sa Asian Games – SBP

INIHAYAG na ng Samahang Basketball ng Pilipinas (SBP) ang hindi na paglahok sa 2018 Asian Games ng Pilipinas.

Nanaisin na lamang ng nasabing ahensiya na maging maayos at higit na mapaghandaan na lamang ang susunod na kumpetisyon ang FIBA World Cup Qualifiers at sa 2023 FIBA Basketball World Cup.

Kaugnay nito pagtutuunan ng kanilang atensyon ang pag apila sa ipinataw na desisyon ng FIBA Disiplinary Panels hinggil sa naganap na kaguluhan sa naging laban ng Gilas Pilipinas at Australia noong Hulyo 2 sa Philippine Arena

Ang SBP ay naglalayon na maging mapaayos ang basketball team upang lalo pang mapaganda ang kalalabasan para sa iba pang paglahok na pang international.



**BLOCK – Ni University Santo Thomas blocker EjiyaElorde** ang pag todo bomba sa bola ng katunggaling si Jhona Rosal ng Univesity of Perpetual Help sa mahigpit na tagisan nila sa Premier Volleyball League Collegiate Conference - Women Preliminaries sa Fil Oil Flying Arena San Juan City. **(RGN)**

# Olympic bound International Master Jan Emmanuel Garcia nanguna sa Velarde's 12th Birthday Cup

Papangunahan ni Olympic bound International Master (IM) Jan Emmanuel Garcia ang ilan sa country's top woodpushers sa pagsambulat ng Candidate Master (CM) Jerish John Dalde Velarde 12th Birthday Cup- PCCOnline Chess Challenge two (2) minutes blitz, 'Knock-Out' Format sa Agosto 13, 2018, 6pm na gaganapin sa Pinoy Chess Club Online Facebook site.

Si Garcia na head coach ng Ateneo de Manila University (ADMU) chess team ay abala sa kanyang paghahanda sa nalalapit na 43rd Chess Olympiad sa Setyembre 23 hanggang Oktubre 6, 2018 sa Batumi, Georgia.

Also seeing action are International Master (IM) Paulo Bersamina, International Master (IM) Joel Pimentel Jr., Fide Master (FM) Alekhine "Bbking" Nouri, Fide Master (FM) Nelson "Elo" Mariano III,Fide Master (FM) Narquingden Reyes, (WFM) Woman Fide Master Cherry Ann Mejia, Fide Master (FM) elect Daniel Quizon, National Master (NM) Nicomedes Alisangco, National Master Alcon John Datu, National Master Raymond Salcedo, National Master (NM) Marc Christian Nazario, Woman National Master (WNM) Jean Karen Enriquez, Jeth Romy Morado, Walt Allen Talan, Rowell Roque, Luffe Magdalaga, Alfred Rapanot and Jerome Villanueva, among others.

"Enjoy and good luck, players." said tournament director Fide National Arbiter (FNA) engineer Edilberto Alve Velarde Jr., ama ni Candidate Master (CM) Jerish John Dalde Velarde ng Lapu Lapu City, Cebu.

"GM's and IM's participants will be advancing automatically to round 2 with respect to their status and at the same time attract more player." sabi ni PCCOnline facilitator FNA Noel Morales.

Si FNA Noel Morales ang magsisilbing chief arbiter kasama sina NA Cecilio "Ely" Acas, FNA Joseph Gener "Jojo" Palero at CNA Byron Villar na magsisilbing mga arbiters.

May cash prize P1,500 ang tatanghaling top player habang ang next three placers ay magbubulsa naman ng tig P1,000, P700 at P500, ayon sa pagkakasunod. P300 naman ang nakalaan sa Top Lady Performer.**(Marlon Bernardino)**



**TINANGGAP ni Manolo Gabriel** mula kay Grandmaster Hong, CEO Philippine Taekwondo Association at Kukkiwon's Chairman ang certificate bilang matagumpay na nakapagtala ng KUKKIWON'S 7th Dan promotion test kaalinsabay sa awarding ng ginanap na 42nd 2018 National Taekwondo Championships sa Rizal Memorial Coliseum.**(RGN)**




**BINASA ni Virgilio S. Alamario** Tagapangulo sa Wikang Filipino ang ilan sa nilalaman ng librong "Introduksiyon sa Saliksik" pagtalakay din sa magaganap na Pambansang Kongreso sa Wika 2018 kung saan ay ipagdiriwang ang Buwan ng Wikang Pambansa na may timang 'Filipino : Wika ng Saliksik ngayong buwan ng Agosto ng ganapin kamakailan pagtitipon sa Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga sining 633 General Luna St. Intramuros Manila. **(RGN)**

BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS

0999-7060160

email: champ22mb@gmail.com



# WILD WILD WEST, NAGWAGI

Nairaos ng hineteng si Ba'am Avila na maitawid ang outstanding na kabayong si Wild Wild West na biglaang rumemate sa huling 100 metro at talunin ang dehadong si Noble Win ni Dave Santiago. Sa takbuhang iyan ay tila marami ang hindi naipatakbo ng nararapat sa laban, kaya maraming karerista din ang dismayado sa nangyari na halos dalawa lamang ang kanilang napanood o nakita na palaban sa sampung kalahok. Dagdag pa ng ilan na dahil dehado lang ang mga nagwagi sa pangatlo at ikaapat na karera ay tila mga nag- ayawan na, sabay dugtong naman nung isang karerista na baka kaya nagkaganon ay dahil iyong nagwagi na lamang ang may buhay sa paratingan. Talagang marunong na ang ilang mga karerista na makiramdam sa bawat takbuhan lalo na sa kung sinong koneksiyon ang may kabayong tatakbo. Sa kasunod na karera ay marami ang bumilib sa kabayong si Certain To Win na ginabayan ni Pao Guce dahil sa kabila ng maraming salto ay naging matapang ang nabanggit na kalahok at maging si Pao ay naging alisto sa kaliwa't kanan sa pagkaantala sa kanila. Sa makailang beses nilang pagkasalto ay tiniyaga pa rin ni Pao na manatili sila sa may tabing balya na tumakbo at pag sungaw sa rektahan ay nakasilip ng butas na madaraanan si Pao sabay kamot ng matulin si Certain To Win hanggang sa makalayo pa ng may limang kabayong agwat sa sumegundang si Jacqueline ni Dunoy Raquel Jr. Naorasan si Certain To Win ng 1:25.2 (13'-22'-23'-27') para sa 1,400 meters na distansiya. Pagkatapos ng karerang iyan ay naging mainit na usapin ang pagkapanalong iyan ni Certain To Win na ayon sa kanila ay mahusay manakbo kaya kanilang aabangan ang imported na runner na iyan ni Ginoong Beng Tecson at sinasanay ni trainer Boy Raquel.

E-POWER MO

E-SAFETY E-SECURE E-DISKARTE

# We have the Energy Ability.

**Tamang pag-iingat,**
**pag-aalaga, at diskarte.**

May abilidad tayong mapanatiling sapat
para sa ating mga pangangailangan ang
**Enerhiya ng Ating Bayan.**



#EPowerMo
doe.gov.ph

**Department of Energy**

# JANINE GUTIERREZ, MASAYA PARA SA INA



**TAHASANG sinabi ng TV host/actress na si Janine Gutierrez na masaya siya para sa kanyang inang si Lotlot de Leon.**

Well, hindi naman maisasantabi na nabigla ang aktres sa muling gagawing pagpapakasal ng kanyang celebrity mom.

Dating misis ng aktor na si Ramon Christopher si Lotlot subalit ang kanilang pagsasama ay humantong sa annulment.

Nasa kwarenta siyete pa lamang ang edad ni Lotlot kaya tama lamang na matamo pa rin niya ang kasiyahan.

Natural na natural ang byuti ni Lotlot, hindi nga aakalaing malapit na rin siya sa golden years.

Sa loob ng halos anim na taon na relasyon sa kanyang Lebanese boyfriend na si Fadi El Soury ay ikinabigla rin naman ni Lotlot ang ginawang marriage proposal sa kanya ng katipan.

Last July 15 sa Nature Wellness Village sa Tagaytay City nagana pang naturang proposal.

Super shock ang aktres nang makita ang pinggang may desserts.

Nakasulat kasi roon ang katagang 'Marry Me' kaya naman sa pagkakabigla ay speechless si Lotlot.

Alam naman ni Lotlot na may plano talaga si Fadi hinggil dito subalit wala siya ang idea kung kaylan mangyayari.

Kasama sa eksena ang pagluha ni Lotlot na tipong tears of joy kaya maging ang kanyang nobyo ay napaiyak na rin.

Kung may luha man kay Janine ay tears of joy din iyon kasi alam niyang may makakasama na ang kanyang ina hanggang sa pagtanda.

Naniniwala naman si Lotlot na magiging good husband para sa kanyang ina ang future step father niya.

Sabi ng 28-anyos na aktres, alam niyang aalagaan ni Fadi ang kanyang ina at pakakamahalin.

Nabanggit din ni Janine na masaya na rin naman ang kanilang ama para kay Lotlot.

Basta mayroong ano mang okasyon o important gatherings ay magkakasama-sama pa rin naman sila.

Matunog ang ugong na sa darating na Disyembre magaganap ang kasalan.

Katoliko si Lotlot habang Muslim naman ang kanyang husband to be.

Kaya napapagkasunduan ng dalawa na isang civil ceremony ang magaganap at ito ay isang beach wedding.

###

BATIIN lang natin ang mahusay na pagganap ni Garrie Concepcion sa pelikulang 'The Lease' katambal ang Italian actor/director na si Ruben Maria Soriquez.

Nasa dugo naman talaga ni Garrie ang pagiging isang magaling na artista.

Kanino pa ba naman siya magmamana kundi sa amang si Gabby Concepcion.

Anak ni Gabby kay Grace Ibuna si Garrie at si KC Concepcionnaman ay kanyang kapatid sa ama.

Showing pa rin ang nasabing pelikula at inaasahang ito ay ipapalabas din sa ibang bansa.

Hindi lamang hinangaan bagkus ay pinuri pa ang acting ni Garrie sa pelikula.



## Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

### (ika- 75 labas)

"BAKIT? Ewan ko at 'di ko alam kung bakit at 'panung nangyari ito."

Garalgal ang mga tinig ni Lyka habang nakikipag-usap kay kapitan.

"Nag-iingat naman ako at 'di nakakalimot sa pag-inom at regular 'yun."

Parang sasabog ang mundo kay Kardo mula sa ipinagtapat sa kanya ni Lyka.

"Siguro ay para sa atin talaga ang beybi na ito, parehas naman nating gusto ang ginagawa nating pagtatalik ah."

Hindi inaasahan ni Kardo na magkakaroon ng bunga ang kanilang pagniniig ni Lyka.

Gumagamit o umiinom naman ng pills si Lyka subalit nadale pa rin siya.

Regular o araw-araw naman ang inom ni Lyka ng pills kaya nagtataka si kapitan.

"Ano'ng gagawin natin ngayon?"

Walang imik si Kardo at hindi alam ang kanyang isasagot sa tanong ni Lyka.

"Nariyan na 'yan eh, ano pa bang magagawa natin kundi ang ituloy na lamang 'yan."

Nakahinga ng maluwag si Lyka sa narinig na kasagutan mula kay kapitan.

Iniisip o inaakala ni Lyka na ang ibibigay na suhestiyon o kasagutan ni Kardo ay ang pagpapalaglag sa sanggol.

Hindi naman masamang tao si Kardo at higit sa lahat ay mayroon siyang takot sa Diyos.

Walang kasalanan ang nasa sinapupunan ni Lyka, tanging sila ang mayroong pagkakasala.

Nananatiling nakayapos si Lyka kay kapitan, mahigpit ang kanyang pagkakayakap.

Sa isip ni Lyka ay kung iba-ibang lalaki lamang ay mas malamang na utusan siyang ilaglag ang sanggol.

Para kay Lyka ay mapalad pa rin siya kay kapitan dahil nakahandang harapin ang obligasyon nito sa kanyang magiging anak.

Makakadagdag nga lamang ng mas malaking problema iyon para kay Kardo.

"Salamat…salamat…"

(Itutuloy)

## MANANANGGOL

Sa panulat ni Kuya Arman

### (ika-74 labas)

"BAKIT? Ewan ko at 'di ko alam kung bakit at 'panung nangyari ito."

Garalgal ang mga tinig ni Lyka habang nakikipag-usap kay kapitan.

"Nag-iingat naman ako at 'di nakakalimot sa pag-inom at regular 'yun."

Parang sasabog ang mundo kay Kardo mula sa ipinagtapat sa kanya ni Lyka.

"Siguro ay para sa atin talaga ang beybi na ito, parehas naman nating gusto ang ginagawa nating pagtatalik ah."

Hindi inaasahan ni Kardo na magkakaroon ng bunga ang kanilang pagniniig ni Lyka.

Gumagamit o umiinom naman ng pills si Lyka subalit nadale pa rin siya.

Regular o araw-araw naman ang inom ni Lyka ng pills kaya nagtataka si kapitan.

"Ano'ng gagawin natin ngayon?"

Walang imik si Kardo at hindi alam ang kanyang isasagot sa tanong ni Lyka.

"Nariyan na 'yan eh, ano pa bang magagawa natin kundi ang ituloy na lamang 'yan."

Nakahinga ng maluwag si Lyka sa narinig na kasagutan mula kay kapitan.

Iniisip o inaakala ni Lyka na ang ibibigay na suhestiyon o kasagutan ni Kardo ay ang pagpapalaglag sa sanggol.

Hindi naman masamang tao si Kardo at higit sa lahat ay mayroon siyang takot sa Diyos.

Walang kasalanan ang nasa sinapupunan ni Lyka, tanging sila ang mayroong pagkakasala.

Nananatiling nakayapos si Lyka kay kapitan, mahigpit ang kanyang pagkakayakap.

Sa isip ni Lyka ay kung iba-ibang lalaki lamang ay mas malamang na utusan siyang ilaglag ang sanggol.

Para kay Lyka ay mapalad pa rin siya kay kapitan dahil nakahandang harapin ang obligasyon nito sa kanyang magiging anak.

Makakadagdag nga lamang ng mas malaking problema iyon para kay Kardo.

"Salamat…salamat…"

(Itutuloy)

# TANZA TOWN PRIORITIZES AID FOR 13 HARDEST-HIT COASTAL BARANGAYS

**TANZA, Cavite -- The 13 hardest-hit coastal villages out of 41 barangays in this town are on the priority list of relief operations, as thousands of residents are recovering in the aftermath of the floods spawned by monsoon rains induced by tropical depressions "Henry" and "Josie."**

"Ang pinakanasalanta po ay ang mga coastal barangay po namin, 13 out of 41 barangays po ay grabeng nasalanta ng bagyo (The hardest hit are the 13 coastal barangays out of 41barangays in this town)," Mayor Yuri Pacumio said.

Pacumio said some 225 families or 1,180 individuals received relief goods from the local government with the assistance of Cavite (6th District) Rep. Luis 'Jon Jon' Ferrer IV.

"Eh 90 percent po ng mga residents of these barangays are pangingisda ho ang kinabubuhay, eh hanggang ngayon ho di sila makapag-trabaho sa pangingisda (Around 90 percent of these barangay residents are fisherfolk, and until now they still could not resume fishing yet)," Pacumio added.

John Sanariz, chief of the Tanza Disaster Risk Reduction and Management Office (MDRRMO) reported Wednesday that most of the affected families came from the coastal Barangays Julugan 7 and 8, Amaya 5, 6, and 7, Sahod Ulan, Calibuyo and Capipisa.

Sanariz said that six houses were totally damaged while around 50 houses were partially damaged by typhoons.

He said the Tanza local government is now distributing thousands of relief packs of rice and canned goods to affected barangay residents.

The Municipal Agriculture Office here is also assessing the extent of damage wrought by the weather disturbances, which flogged the town and most parts of Cavite province.

According to ex-officio Councilor Simon Matro, president of the Federation of Association of Barangay Captains (ABC), the local government is also giving some financial assistance to banca owners for repairs of their damaged fishing boats.

In addition to the local government unit assistance, Ferrer also distributed financial assistance to the affected families, especially in Barangay Capipisa. ***(Dennis Abrina/ PNA)***

# Free Medical and Dental services for Caviteños rolled out by PGC

**Trece Martires, Cavite (PIA)** – The provincial government of Cavite thru the OPG-Extension Office in partnership with the Provincial Health Office (PHO) had conducted a series of medical and dental missions in different barangays of the cities and municipalities in the province.

Three hundred seventy (370) constituents at Tiera Nevada in Barangay San Francisco, Gen. Trias City availed of free medical check-ups and consultation and dental services like simple tooth extractions and dental check-ups last July 4 while more than 300 residents of Barangay Sta. Isabel in Kawit were beneficiaries of the medical and dental mission held last July 5.

Likewise, basic health care services were provided to some 246 residents of Brgy. Talipusngo in the municipality of Maragondon on July 6, 2018 with the assistance of the barangay health workers, members of Cavite Varsitarian-Upland Council and Malalaman Mong Lumaki ka sa Maragondon Kapag club.

A total of 535 local residents of Barangay Bagtas in the municipality of Tanza out of which 310 children, 134 adults and 64 senior citizens were given free medical check-ups and consultations while 27 patients availed of free dental services at the outreach mission done here. Mothers were also given special lectures and counselling on family planning, responsible parenthood and proper birth spacing by the employees of the Cavite Population Office during the event held last July 9, 2018.

Children's nutritional development and health care needs were the priority with the mission conducted at Rosa G. Acuña Memorial Elementary School in Barangay Kaysuyo in the municipality of Alfonso on July 10, 2018 with at least 300 students and a few parents benefitting from the activity.

Several medical and dental missions were held from July 11 - 18 starting with residents in Barangay Navarro, City of Gen. Trias on July 11; 362 residents of Kawit at the outreach program conducted at Lakersfield Covered Court in Brgy. Toclong, Kawit last July 12; another medical mission on July 14, 2018 at Mallari Subdivision, Barangay Malagasang 1-D, Imus with free consultations and check-ups provided to a total of 345 beneficiaries, 150 of whom are adults, 154 children and 41 senior citizens.

Cavite Governor Boying Remulla stays true to his promise of serving his constituents with more outreach program to provide easy and free access to medical and dental services with events of the same nature in Dasmariñas city at Barangay Luzviminda I covered court serving 352 residents last July 16, and again serving the less privileged Caviteños of Brgy. San Jose I in Noveleta, Cavite on June 17, 2018 with more than 200 beneficiaries given free medical consultation, dental check-up, oral prophylaxis and tooth extraction rendered by the medical and dental team of Provincial Health Office, 15th Strike Wing-Philippine Air Force and Philippine Coast Guard Auxiliary.

The most recent mission conducted was held on July 18, 2018 at the Riverside Covered Court with 419 residents of Barangay San Juan I who patiently and eagerly stayed on queue to be checked up by doctors of the medical mission team of the Provincial Health Office in cooperation with the City Health Office of Gen. Trias.

All these medical missions were inspired by the provincial government's sincere desire to provide better service by ensuring the safety and wellbeing of Caviteños. ***(Ruel Francisco, PIA-Cavite/with reports from PICAD)***

# 84-anyos na lolong barker, naperder

"ANG batas ay batas at kailangang ipatupad ito"

Ito ay makaraang hindi pinatawad ng prinsipiyo ng Dasmarinas Traffic Management Unit ang isang 84-anyos na lolo at kasama nito matapos silang bitbitin dahil sa paglabag sa pagtatawag mga pasahero sa Dasmarinas City, Cavite.

Kasong paglabag sa City Ordinance No. 08-s-2017 Ordinance Further Amending Section 5 (Penalty) of Ordinance No. 06-S-2004 (Ordinance on Barkers) as Amended by City Ordinance No. 02-S-2012 ang isinampang kaso laban kina Ludigarion Condes, may-asawa ng 66 Barangay Burol 1 Dasmarinas City at Rey Garcia, 41, binata ng Winward Hills Subd., Brgy. Burol 1 Dasmarinas City.

Sa report ni PO1 Sean Francisco ng Dasmarinas City Police Station, dakong alas-12:40 ng tanghali nang bitibitin ang dalawa sa kanilang tanggapan nina Rodel Maiano, Loreto Cajandab at Brinnis De Guzman, pawang traffic enforcer ng Dasmarinas Traffic Management Unit dahil sa paglabag sa illegal barker.

Nauna rito, dakong alas-9:35 ng umaga nang namataan umano ng tatlong traffic enforcer ang dalawa habang nagtatawag ng mga pasahero sa isang pampasaherong jeepney sa harapan ng SM Hypermarket sa Barangay Buro 1 kaya inaresto ang mga ito.

Ayon kay Francisco, mahigpit umanong ordinasa sa nasabing Lungsod ang mga "barker" kaya inaaresto ang mga ito.

**GENE ADSUARA**



**ALFONSO RESIDENTS AVAILED FREE MEDICAL SERVICES:** In its continuous effort to provide effective health care program for the Caviteños, another medical and dental mission was conducted at Brgy. Upli in the municipality of Alfonso on July 24, 2018. One hundred ninety-six patients were given the opportunity to check their health condition for free as well as their medicines rendered by medical team of Provincial Health Office (PHO). Likewise, 26 patients underwent tooth extraction performed by Dr. Raymond Mendoza and Dr. Cristy Lim from PHO. The mission became successful thru the assistance of Barangay Captain Noel Dinglasan, other barangay officials and members of Cavite Varsitarian-Alfonso Chapter. — **(PICAD)**




**NURTURING THE COMMUNITY, STRENGTHENING PUBLIC HEALTH:** Hundreds of residents of Barangay Halang in Amadeo availed free basic healthcare services during the medical and dental mission conducted on July 19, 2018 by the provincial government thru the initiative of Governor Boying Remulla and Provincial Administrator for Community Affairs Engr. Redel Dionisio. The locals thanked Engr. Dionisio for always prioritizing them when it comes to social services assistance. Few supplies of medicine for common ailments, as well as vitamins were donated to the barangay health center. — **(PICAD)**

CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**

**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St. corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/ 0918-6174067**

# MGA BAGONG PLAKANG IPINAMAMAHAGI NG LTO 4A, RFID-COMPLIANT NA

**LUNGSOD NG LIPA, Batangas (PIA)- Sinimulan na ng Land Transportation Office (LTO)-IVA ang pamamahagi ng mga bagong RFID-compliant na plaka sa mga four-wheeled vehicles na nairehistro sa kanilang tanggapan noong Hulyo 2016-December 2016.**

Ayon kay Assistant Regional Director Francisco Ranches, ngayong buwan ng Hulyo ay ang mga plakang nakarehistro para sa Hulyo 2016 din ang kanilang ibibigay upang maging maayos ang distribusyon at kung madali naming naubos ang mga plaka ay agarang isusunod ang mga plaka sa mga susunod na buwan.

"Ang mga plakang ito ay gawa na ng plate making plant ng LTO Central Office na may kapasidad na gumawa ng 22,000 plaka kada araw. Ang mga plakang ito ay ngayon lamang naipalabas dahilan sa nagkaroon ng pagkuwestiyon sa bidding na isinagawa dati sa Korte Suprema,sumunod dito naglaroon ng Temporary Restraining Order at kalaunan ay ang COA disallowances kaya nagkaroon ng backlogs ang aming tanggapan.Sa ngayon ay nanalo ang LTO sa Korte Suprema kaya narelease ang mga plakang ito ngunit may period na nasakop ng disallowance noong 2015-2016," ani Ranches.

Bagamat may ganitong usapin, sinabi ng opisyal na positibo sila na matatanggal ang nasabing disallowance upang maipagpatuloy ang paggawa at pamimigay ng mga bagong plaka ng sasakyan.

Isa sa pinakamagandang feature ng bagong plaka ang pagiging RFID compliant kung saan nababasa ito ng isang RFID gadget kung ano ang mga detalye ng isang plaka. Madaling makita kung ang plaka ay peke o hindi kapag hindi ito nabasa ng RFID reader.

Aniya, bago gawin ang plaka ay nakalagay na ang mga detalye kung sino ang may-ari ng mga plaka at iba pang impormasyong kaugnay nito.

Upang mapadali ang pamamahagi ng mga bagong plaka sa mga sasakyang sakop nito, nakipag-ugnayan ang tanggapan ng LTO sa lahat ng mga car dealers/agents upang tulungan silang ipaalam sa publiko ang naturang balitang bukod sa public advisory na ginagawa sa mga istasyon ng radyo at telebisyon gayundin ang pagpapakalat ng flyers kaugnay nito.

Bukod sa Regional Office ng LTO, nagsimula na ding mamahagi ang Bacoor at Tagaytay offices para dito

Nilinaw ni Ranches na ang mga ipinamamahagi ngayon ay mga bagong plaka para din sa mga bagong sasakyan na binili noong Hulyo 2016.

Kaugnay nito nanawagan si Ranches sa lahat ng mga may sasakyan na narehistro noong Hulyo 2016 hanggang Disyembre 2016 na kuhanin na ang kanilang mga plaka sa tanggapan ng LTO bagamat nais nilang gawing sistematiko ang pamamahagi nito batay sa buwan kung kailan na narehistro ito. **(BHABY P. DE CASTRO, PIA BATANGAS)**



MAMAHAGI ng assistive devices si DOH-CALABARZON Regional Director Eduardo Janairo sa mga PWD's CALABARZON sa isinagawang "2018 PWD Health Summit" sa Atrium Hotel sa Buendia Avenue, Pasay City. **(GENE ADSUARA)**



**Huli Ka!** - Tama ba magdaan ang pedicab o trisikel sa mga national road tulad ng Quirino Avenue, Manila? **(Photo by Freddie M. Manalac)**



**HULI KA!**- Mga trisikel na hinatak ng MPD traffic recker na nakaparada sa mga lugar na bawal. **(Photo by Freddie M. Manalac)**





BAGO pa man ang katatapos na State of the Nation Address ni Pangulong Rodrigo Duterte ay humarap sa Media ang grupo ng Nagkakaisang Samahan ng Militanteng Grupo (NSMG) mula sa hanay ng manggagawa na patuloy na tumututol sa TRAIN Law na anila ay sumisikil sa pamumuhay ng kariniwang Filipino. **(Christian Heramis)**



HAWAK ni MPD PS1 Investigation chief, Sr/Insp. Sugui ang isang patalim na ginamit ng suspek na si Sami Zamora ng C.P. Garcia, Tondo, Maynila sa pananaksak sa dalawang biktima na kapwa inoobserbahan sa pagamutan makaraang rumesbak umano ito nang makitang binubugbog ang bayaw nito. Nasakote ang suspek sa follow-up operation ng mga tauhan ni MPD PS1 Supt. Jay Dimaandal sa pangunguna ni C/Insp. Gilbert Cruz, hepe ng Don Bosco PCP PS1. **(BRIAN GEM BILASANO)**

## USAP LANG

**JUNE BILLONES**

**0929-8127638**

### Saan ka pa?

NAKAPUKAW ng aking atensiyon ang paguusap ng isang grupo ng barkadahan o magkakaibigan.

Ang kanilang paksa ay tungkol sa ugat ng pagkatao o kung ano ang estado bilang isang tao.

Ibig sabihin ay kung naging tao ka ba dulot ng isang pagkakamali o kasalanan?

Iba kasi ang dating o interpretasyon kapag ikaw ay sinasabing anak sa pagkakasala.

Isang simpleng halimbawa, si lalaki sa kabila na pamilyadong tao na ay may kinasama pang ibang babae.

Kabit ang tawag sa babae at kapag nagbunga ang pagtatalik nila ng lalaki niya ay 'anak sa labas' ang itinatawag sa kanilang nagiging bunga o mga supling.

Usap lang, masasabi bang kasalanan na naging anak ka nila?

Sabi sa umpukan o usapan, hindi mo iyon kasalanan bagkus ang mag pagkakamali ay ang ina at ama na gumawa sa iyo.

Kaya nga lamang ay mas marami na may ganitong sitwasyon ang naaapektuhan at nahihirapan.

Pakiramdam nila sa kanilang sarili ay masama sila at naiilang na makisalamuha sa kapwa.

Pakiisipin mo na hindi mo iyan ginusto kaya sikaping huwag magpapaapekto sa mga bulong at sa kapaligiran.

Tandaan mo na ikaw ay tao rin na may karapatang mabuhay at maging maligaya sa mundo.

Marami riyan na hindi nga naging bunga ng pagkakasala subalit masahol pa sa hayop o demonyo ang ugali.

Ikaw na bunga nga ng pagkakasala subalit nababalutan ka naman ng kabutihan.

Saan ka pa, sa lehitimo ang pagiging tao subalit asal-demonyo naman o sa naging tao na kahit bunga ng pagkakasala ay mayroong pusong-tao?



TIMBOG sa mga tauhan ni Calamba City Police chief, P/Supt. JM De Sesto ang tatlong drug suspect na sina Reynaldo Alcasabas, alyas Rey, 38; Aldrin Guevarra, 22; at Joey Gamba, 27, pawang ng Brgy. Parian, Calamba City, Laguna sa isinagawang buy bust operation at nakumpiska sa kanila ang 8 piraso ng sachet ng shabu na nagkakahalaga ng P22k batay sa pinaigting na anti drug campaign ng lungsod. **(BRIAN GEM BILASANO)**



INIIMBESTIGAHAN ni MPD PS1 investigation chief, P/Insp. Sugui ang dalawang suspek na sina Richard Nunez, 20, myembro ng Sputnik Gang; at Marvin Baldonado, Batang City Jail makaraang maaresto sa magkahiwalay na lugar sa Tondo, Maynila at nakumpiska ang isang Magnun .22 at improvised shotgun o sumpak na kapwa may inaabangan umanong kaaway. Natimbog sila ng mga tauhan ni MPD Station 1 commander Supt. Jay Dimaandal sa pangunguna ni Don Bosco PCP C/Insp. Gilbert Cruz sa pinaigting na police visibility bilang crime prevention base sa direktiba ni MPD Director CSupt Rolando Anduyan. **(BRIAN GEM BILASANO)**



₱17,944.00*
ang buwanang
Retirement Benefit ko.
*Ang nabanggit na halaga ng benepisyo ay batay sa pinakamataas na Monthly Salary Credit (MSC) at iba pang qualifying conditions upang benepisyo ng miyembro ay mas tumaas.
Kontribusyon, SULIT na SULIT!
SULIT - BENEPISYO:
Sickness, Maternity, Disability, Retirement, Death, Funeral
sss.gov.ph
SSSPh
Sa SSS, Proteksyon Sigurado!
SOCIAL SECURITY SYSTEM